Estado ng California—Ahensya ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao (Health and Human Services Agency)
**Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services, DDS)**
1215 O Street, Sacramento, CA 95814
www.dds.ca.gov

**NANCY BARGMANN**
*DIREKTOR*

**GAVIN NEWSOM**
*GOBERNADOR*

Nobyembre 22, 2023

PARA SA: MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: SELF-DETERMINATION PROGRAM: INI-UPDATE NA MGA PRODUKTO AT SERBISYO

Bilang pagtalima sa mga pangunahing prinsipyo ng Self-Determination Program (SDP), ang mga kalahok ay may awtoridad na kontrolin ang indibidwal na badyet upang bumili ng mga kinakailangang serbisyo at suporta para makamit ang kanilang mga layunin para sa Indibidwal na Plano ng Programa (Individual Program Plan, IPP). Ang layunin ng sulat na ito ay para magbigay ng update sa patnubay ng Kagawaran noong Enero 13, 2022 hinggil sa mga produkto at serbisyo sa SDP sa pamamagitan ng pagdaragdag ng Coordinated Family Services (CFS) sa Kalakip B bilang isang serbisyong popondohan nang hindi kasama sa badyet ng kalahok ng SDP. Dahil dito, ini-update ang Kalakip B at Self-Determination Program Individual Budget Calculation and Certification Tool.

**Pagpapasya kung maaaring isama ang Gastos sa Badyet ng SDP**
Bago magsama ng anumang produkto o serbisyo sa isang indibidwal na badyet o plano ng paggasta sa SDP, dapat malinaw muna sa team ng pagpaplano kung paano tinutugon ng produkto o serbisyo ang tinukoy na pangangailangan o layunin sa IPP. Nagbibigay ng detalyadong impormasyon ang Kalakip A tungkol sa kung paano matutukoy ng kalahok at ng team ng pagpaplano kung ang isang produkto o serbisyo ay nakakatugon sa isang pangangailangan o layunin sa IPP.

Tulad ng nakasaad sa direktiba ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad noong Enero 11, 2019 tungkol sa indibidwal na badyet at plano sa paggasta, maaari lang magamit ang mga pondo ng SDP para sa mga produkto at serbisyo na:

- Inaprubahan ng pederal na Mga Sentro para sa mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid; at,
- Hindi makukuha sa pamamagitan ng iba pang mga mapagkukunan ng pondo (hal., Medi-Cal, In-Home Supportive Services, mga paaralan, atbp.).

Gayunpaman, sa ilang pagkakataon, maaaring kailanganin ng mga konsumidor ang karagdagang produkto at serbisyo na hindi kasama sa pinopondohan ng indibidwal na badyet upang suportahan ang kanilang IPP. Nagbibigay ang Kalakip B ng patnubay sa mga produkto at serbisyo na maaaring pondohan ng indibidwal na badyet sa plano sa paggasta, pati na rin kung ano ang sasagutin sa labas ng indibidwal na badyet.

**Pagtukoy ng Pagtatalaga ng Serbisyo (Participant-Directed Goods and Services)**
Pinahihintulutan ng SDP ang isang uri ng serbisyo na tinutukoy bilang "Participant-Directed Goods and Services." Naglalaman ang Kalakip C ng flow chart na nilalayon para tumulong sa team ng pagpaplano na matukoy kung kailan maaaring pondohan ang isang produkto o serbisyo sa pamamagitan ng Participant-Directed Goods and Services, Service Code 333.

Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa sulat na ito, mangyaring makipag-ugnay sa sdp@dds.ca.gov.

Taos-puso,

*Ang Orihinal na Kopya ay Pinirmahan ni:*

VICKI L. SMITH, Ph.D.
Deputy Director
Dibisyon sa Pagbuo ng Patakaran at Programa (Policy and Program Development Division)

Mga Kalakip

cc: Mga Administrador ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Regional Center
Asosasyon ng mga Ahensya ng Regional Center
Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad
Nancy Bargmann, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Brian Winfield, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Carla Castañeda, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Jim Knight, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Ernie Cruz, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Suzy Requarth, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Kathleen Dempsey, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad